Oktubre 2022

# Sinasaklaw ng Medicare ang bakuna sa COVID-19

## Bakuna laban sa COVID-19

Ang bakuna sa COVID-19 ay nakakatulong na mabawasan ang panganib ng sakit sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa mga natural na depensa ng katawan upang ligtas na bumuo ng proteksyon (immunity) sa virus. Sinasaklaw ng Medicare ang na-update na bakuna sa COVID-19 nang walang bayad sa iyo. Tina-target ng na-update na bakuna ang orihinal na viral strain ng COVID-19 at 2 Omicron variants (BA.4/BA.5).

Kung ikaw ay mahina ang pang-depensa ng katawan laban sa mga sakit (tulad ng mga taong nagkaroon ng organ transplant at nasa mas mataas na panganib para sa mga impeksyon at iba pang mga sakit), sasakupin ng Medicare ang ikatlong dosis ng bakunang COVID-19 nang hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng iyong pangalawang dosis.

**Tandaan:** Huwag paghaluin ang mga bakuna para sa iyong ikatlong dosis. Kung ang iyong unang 2 dosis ay Pfizer, ang iyong ikatlong dosis ay dapat ding Pfizer. Kung ang iyong unang 2 dosis ay Moderna, ang iyong ikatlong dosis ay dapat ding Moderna.

## Kung nagbayad ka o nakatanggap ng singil para sa bakuna para sa COVID-19

Sinasaklaw din ng Medicare ang mga na-update na shots sa COVID-19 nang walang bayad sa iyo.

- Kung nakakuha ka ng bakunang Pfizer o Moderna para sa COVID-19, maaari kang makakuha ng na-update na shot nang hindi bababa sa 5 buwan pagkatapos mong makumpleto ang iyong pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna COVID-19 series ng bakuna.
- Kung nakakuha ka ng bakuna sa Johnson & Johnson para sa COVID-19, maaari kang makakuha ng na-update na shot nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos mong makuha ang iyong unang shot.
- Kung ikaw ay 50 taong gulang at mas matanda, o kung ikaw ay katamtaman hanggang sa malubhang humina ang pang-depensa ng katawan laban sa mga sakit, maaari kang makakuha ng pangalawang na-update na bakuna sa COVID-19, nang walang bayad sa iyo, hindi bababa sa 4 na buwan pagkatapos ng una. Ang iyong pangalawang na-update na bakuna ay dapat mula sa Pfizer o Moderna. Hindi ito kailangang maging kapareho ng iyong unang bakuna sa COVID-19.

## Na-update na bakuna para sa COVID-19 (ipinagpatuloy)

- Kapag pumunta ka para kumuha ng iyong shot, siguraduhing dalhin ang iyong pula, puti, at asul na Medicare card upang masingil ng iyong provider ang Medicare. Kakailanganin mo ang iyong Medicare card kahit na naka-enroll ka sa isang Medicare Advantage Plan. Kung kailangan mo ng opisyal na kopya ng iyong card, mag-log in (o gumawa) ng iyong secure na account sa Medicare.gov upang mag-print nito.
- Kung pupunan mo ang isang form para makuha ang bakuna, maaaring hingin sa iyo ang numero ng grupo ng iyong insurer. Kung mayroon kang Part B, iwanang blangko ang field na ito o isulat ang "N/A." Kung nagkakaproblema ka sa form, makipag-usap sa iyong provider.
- Kung mayroon kang Medicare at may kapansanan o nahaharap sa iba pang mga hamon sa pagpunta sa isang lokasyon na malayo sa bahay para sa pagbabakuna, babayaran ng Medicare ang doktor o iba pang tagapagbigay ng pangangalaga upang bigyan ka ng bakuna para sa COVID-19 sa iyong tahanan.

## Matuto ng higit pa tungkol sa bakuna ng COVID-19

- Bisitahin ang Medicare.gov/medicare-coronavirus para sa higit pang impormasyon sa saklaw ng Medicare sa bakuna para sa COVID-19 at iba pang nauugnay na serbisyo.
- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.
- Pumunta sa CDC.gov/coronavirus.
- Kontakin ang lokal mong pangkalusugang departamento sa CDC.gov/publichealthgateway/healthdirectories/index.html.
- Pumunta sa Medicare.gov/coverage/coronavirus-disease-2019-covid-19-vaccine.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa bilang gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product No. 12117-T
(Tagalog)